Republic of the Philippines
**Department of Education**
Region IV-A CALABARZON
Division of Laguna
District of San Pedro
San Pedro Central School
SUMMATIVE TEST Q2 W1-2
Araling Panlipunan-Five

**Name:** ___________________________________________________
**Teacher:** _________________________________________________

I. Lagyan ng stek (/) kung ang sinasaad sa ibaba ay sa lagunin at dahilan ng kolonyalismo at ekis(X) kung hindi.

___ 1. Paggamit ng likas na yaman ng bansang ginawang kolonyal.
___ 2. Pagtatayo ng base militar na magpapalakas sa sandatahan.
___ 3. Pagbibigay ng edukasyon sa bansang ginawang kolonya.
___ 4. Pagbibigay ng libreng produkto sa bansang ginawang kolonya.
___ 5. Pagpapalawak ng relihiyon sa bansang ginawang kolonya.

I. **Panuto:** Isulat ang T kung wasto ang isinasaad ng pahayag at M naman kung ito ay mali.

1. Sa Panahon ng Pagtuklas noong ika-14 hanggang ika-16 na siglo, nagpaligsahan ang bansang Spain at Portugal sa pagtuklas at pagsakop ng mga bagong lupain.
2. Si Magellan ay isang Espanyol na nanguna sa ekspidisyon upang makatuklas ng lupain para sa Hari ng Spain.
3. Kristiyanismo ang isa sa pangunahing dahilan ng Kolonyalismong Espanyol sa mga bansang sinakop nila tulad ng Pilipinas.
4. Ang paglalayag ni Magellan ay nagpabago sa pananaw ukol sa mundo at nagpatunay na ang mundo ay bilog.
5. Lahat ng mga pinuno ng mga islang napuntahan ni Magellan sa Pilipinas ay naging mabuti ang pagtanggap sa kanila.
6. Ang paghahangad sa kapangyarihan at yaman ang nagbunsod sa paggalugad at pagtuklas ng bagong lupain ng Spain at Portugal.
7. Bahagi sa konsepto ng kolonyalismo ang pagpapasailalim ng mas mahinang bansa sa higit na mas makapangyarihang bansa.
8. Ang Pilipinas ay naging kolonya ng Spain kung saan kinontrol nito ang politika at ekonomiya ng bansa.
9. Isinasaad sa kasunduang Tordesillas na gawing 370 *leagues* kanluran ng Azores at Cape Islands ang paghahati ng mga lupaing tutuklasin ng Spain at Portugal.
10. Bilang bahagi ng pagtanggap sa mga dayuhan, yinakap ni Rajah Humabon at ng mga katribu nito ang Kristiyanismo.

LIVEWORKSHEETS

II. **A. Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.**

1. Ito ang bansang Europeo na sumakop sa Pilipinas noong 1565.
   a. Portugal  b. Spain  c. Mexico  d. France

2. Kauna-unahang pamayanang Espanyol na itinatag sa Pilipinas?
   a. Bohol  b. Samar  c. Cebu  d. Maynila

3. Bakit sinasabing iba-iba ang reaksiyon ng mga katutubong Filipino sa ekspedisyong Legazpi?
   a. May mga katutubong hindi mabuti ang pagtanggap sa kanila samantalang mayroon namang magiliw ang pagtanggap.
   b. May mga katutubong namangha at mayroon namang nagulat.
   c. May mga katutubong naaliw sa kanilang pagdating mayroon namang hindi
   d. May mga katutubong nag-alok ng pagkain, mayroon namang naghamon ng giyera.

4. Siya ang pinuno ng Bohol na nakipagsanduguan kay Legazpi noong Marso 16,1565.
   a. Datu Humabon  b. Datu Sikatuna  c. Rajah Tupas  d. Rajah Sulayman

5. Kailan narating ni Legazpi ang Cebu?
   a. Nobyembre 19,1564  b. Pebrero 13,1565  c. Abril 27,1565  d. Mayo 19,1571

6. Bakit nabigo ang mga katutubong Filipino na ipagtanggol ang kanilang pamayanan mula sa mga Espanyol?
   a. dahil sa higit na makabago ang sandata ng mga Espanyol
   b. dahil nabigla sila sa pagdating ng mga Espanyol
   c. dahil hindi marunong makipaglaban ang mga katutubong Filipino
   d. dahil likas na palakaibigan ang mga katutubong Filipino

7. Ano ang nag-udyok sa mga Espanyol na gamitin ang taktikang *divide and rule* sa pagsasailalim sa Pilipinas?
   a. Napansin nilang may kaniya-kaniyang batas at pinuno ang mga katutubo na tangi nilang pinaniniwalaan at pinagkakatiwalaan.
   b. Nahirapan silang buwagin ang ugnayan ng mga katutubo sa isat isa.
   c. Nagkakaisa ang mga katutubong Filipino bilang isang bansa.
   d. Matatapang at mlalakas ang puwersa ng mga katutubo.

8. Paano nauwi sa labanan ang pakikipagkaibigan ng mga katutubong pinuno ng Maynila sa mga Espanyol?
   a. Natuklasan ng mga pinuno ang tunay na hangarin ng mga Espanyol.
   b. Hindi sila nagkakaintindihan dahil sa pagkakaiba iba ng kanilang dayalekto.
   c. Nagbago ang isip ng mga pinuno sa pakikitungo sa mga Espanyol.
   d. Magkakaiba ang kanilang paniniwala.

LIVEWORKSHEETS

9. Ano ang naging resulta ng pagkapanalo ng mga Espanyol laban sa mga taga-Maynila noong Mayo 19,1571?

a. Pinagpapaslang ang lahat ng mga naninirahan sa Maynila
b. Naging kilala ang Maynila sa mga bansang Europeo
c. Tuluyang napasailalim ang Maynila sa pamamahala ng mga Espanyol
d. Pumunta sa kagubatan ang mga mamamayan ng Maynila

10. Ang mga sumusunod ay bunga ng pangmalakasang puwersa ng mga Espanyol. Alin ang HINDI?

a. Nabigo ang mga Cebuano sa labanan.
b. Nagtagumpay ang mga Espanyol laban sa mga tao sa Maynila.
c. Napasailalim sa kapanyarihan ng Spain ang malaking bahagi ng Pilipinas.
d. Naging masunurin ang lahat na mga katutubong Filipino saanman.

LIVEWORKSHEETS